## ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle – Dasmariñas
Dasmariñas, Cavite

**Titulo:** "Psychological Profile" ng mga Piling Prostityut sa Dasmariñas, Cavite: Isang Pag-aaral

**Mga Mananaliksik:** Marie Neneth M. Asilo Ma. Sophia Claude Legaspi

**Sinimulan:** Setyembre, 2004 **Halaga:** P6,000.00

**Natapos:** Marso, 2005

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na makapagbigay ng isang mahalagang kontribusyon sa pangkalahatang kaalaman tungkol sa mga babaeng nasa loob ng mga aliwan at nagbibigay ligaya sa mga kalalakihan. Ang pag-aaral na ito ay gagawin upang punan ang kakulangan sa kaalaman tungkol sa mga babae ng prostitusyon sa pamamagitan ng pagbibigay liwanag sa penomenong ito. Sapagkat ang prostitusyon ay likas nang bahagi ng lipunan at sa prosesong ito mababatid ang mga saloobing makatao ng isang mamamayan na parehong kumikilos sa loob ng lipunan.

**Saklaw at Delimitasyon**

Sa pag-aaral na ito ay tinukoy ang mga "psychological profile" ng mga babaeng nagtatrabaho bilang prostityut. Sinasakop ng pag-aaral na ito ang kanilang mga emosyonal na damdamin tungo sa kanilang mga sarili, kaibigan, pamilya at sa

usaping sekswal. Saklaw din ng pag-aaral na ito na makuha at mabatid mula sa mga prostityut ang mga kadahilanang nagtulak at kanilang nagsilbing motibasyon upang maging prostityut sa lugar na kanilang kinalakihan na malapit sa kanilang mga pamilya at kakilala.

Ang pag-aaral na ito ay sumakop lamang sa limang babae na nagtatrabaho bilang mga babaeng nagbibigay aliw sa bayan ng Dasmariñas, Cavite at nasa edad 17 hanggang 25 taong gulang.

**Metodolohiya**

Ang mga mananaliksik ay kumuha ng mga impormasyon sa makukuhang limang babae na nagtatrabaho bilang mga prostityut para sa aming pananaliksik na magbibigay kasagutan sa mga layunin ng pag-aaral na ito.

Gumamit ng disenyong pakikipagkwentuhan ang mga manaliksik upang makuha ang loob ng mga babae na nagtatrabaho bilang mga prostityut at makuha ang karampatang tiwala ng mga partisipante. Ang disenyong patanung-tanong ay ginamit upang makalikom ng ilang importanteng datos o impormasyon na magbibigay linaw sa ilang katanungan na ilalahad ng mananaliksik.

Ang mga mananaliksik ay gumamit sa pagkuha ng mga datos ng pakikipagkwentuhan, pagtatanung-tanong, pagbibigay ng pagsubok o eksamen na binalangkas ni Dr. Joseph M. Sachs at ng iba pang mga sikolohista sa Bew York Veterans Adms.Mental Hygiene Service at tinawag na Sach's Sentence Completion

Test (SSCT) na kinapapalooban ng mga katanungang magbibigay linaw sa mga kasagutang hindi maunawaan. Nilalayong maisakatuparan ito sa pamamagitan ng paggamit ng katutubong metodo tulad ng dalawang iskala nina Santiago at Enriquez (1975) na sinipi sa aklat na inedit ni Pe-pua (1995).

Ang mga resulta ay iniugnay sa mga nakalap na datos mula sa personal na pakikipanayam sa mga kalahok. Lalong pinagtibay nito ang mga obserbasyon sa mga kalahok at ang mga tugon nila sa mga katanungan at eksamen na ibinigay ng mga mananaliksik.

Ang mga hakbanging ginawa upang mapadali ang paglikom ng mga impormasyon ay: Una, ang pagkuha ng mga importanteng datos tulad ng kanilang mga pangalan, edad, katayuan sa pamilya, tirahan, naabot o tinapos na pag-aaral at estado sa buhay. Ikalawa, malaman ang tagal ng kanilang pagtatrabaho at malaman ang naging dahilan at mga naging motibasyon upang maging prostityut. Sa pamamagitan ng mga metodolohiyang ginamit ng mga mananaliksik na makatutulong upang maging malinaw ang layunin ng pag-aaral.

Ginamitan ng mga mananaliksik ng kwalitatibong pagsusuri ang mga natipong datos mula sa direktang pag-oobserba sa mga ikinilos ng mga kalahok, at ang pakikinayam sa kanila. Isinailalim sa "content analysis" ang mga itinugon ng mga kalahok sa pakikipanayam. Sa pamamagitan ng pagtala ng kanilang mga katugunan sa mga katanungang inihanda ng mga mananaliksik. Sa ganitong pagsusuri nakakuha ng mga resultang nagpapakilala kung ano ang kanilang

emosyonal na damdamin tungo sa kanilang trabaho at kung ano ang mga pangunahing dahilan maliban sa pera ang nagtulak sa kanila upang mapasok sa trabaho ng pagiging prostityut.

**Mga Natuklasan sa Pag-aaral**

Sa mga naging buhay ng mga kalahok bilang mga prostityut na nagbibigay ng aliw, masasabing ang naging buhay nila ay hindi naging madali upang harapin ang buhay. Hindi rin masasabi na ang buhay sa likod ng pagiging prostityut ay masaya tulad ng nakikita ng marami sa kanila. Ang mga babaeng ito ay puno pa rin ng lungkot sa kanilang mga damdamin dahil sa kanilang kinalalagyan ngayon. Sabihin pa na sa trabahong ito nakakakuha ng madaliang pera, hindi nila ikinukonsidera na kagipitan at pangangailangan lamang sa pera ang nagbunsod sa kanila upang pasukin ang trabaho ng prostitusyon. Kung hindi dahil na rin sa kawalan ng pamilyang gumagabay bunga ng di pagkakasundo at pagkakawatak-watak lalung-lalo na ang kawalan ng pagkakaunawaan at pagmamahalan. Ito rin ang nagsilbing dahilan kung bakit mas pinili nilang sumama sa mga kaibigan kung saan nakuha nila ang atensyon at pagpapahalagang kanilang hinahanap at humantong sa kanilang pagrerebelde.

**Konklusyon**

Ang pamilyang buo at may pagkakaintindihan ang siyang pinagmumulan ng isang maligayang pamilya na puno ng pagmamahalan. Dito nabubuo ang magagandang pangarap at mithiin ng bawat miyembro ng pamilya. Ang magulang na handang sumuporta sa kanyang anak at kumalinga sa lahat ng oras ang siyang nagsilbing gabay ng mga anak upang hindi maligaw ng kanilang landas. Ang kahirapan ay hindi dapat maging hadlang sa isang pamilya upang maging masaya bagkus ito dapat ang kanilang maging sandigan para mas lalong lumaban at magpatuloy sa kanilang buhay. Sa mga nalikom na impormasyon, nabatid na ang karahasan na kanilang nararanasan sa kanilang pamilya, mga pagkakamaling nagawa sa buhay, pagtugon sa bisyo at luho ng katawan ang nagtulak sa mga kababaihan upang pasukin ang mundo ng prostitusyon.

Sa kaanyuan ng mga babaeng prostityut, makikita dito ang mga mukhang mistulang napakasaya at larawan ng walang problema. May maaliwalas na mukha at nakikitungo nang mabuti sa bawat kostumer na kanilang nakakaharap. Madalas kainisan ng mga nakakakita at madalas na pinagtatawanan. Ngunit lingid sa kaalaman ng bawat isa, ang mga prostityut ay may puso at damdamin pa ring nasasaktan.

**Rekomendasyon**

*Iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:*

1. Para sa mga magulang, bigyan sana ng sapat na panahon ang kanilang mga anak, sapat na atensyon para sa kanilang mga pangangailangan at masabi ang kanilang mga nararamdaman at higit sa lahat ay ang pagmamahal.
2. Para sa mga kabataan, isipin na ang mga problemang dumadating ay pagsubok lamang na ibinigay ng tagapaglikha upang maging matatag.
3. Para sa mga kapwa Pilipino, huwag maging batayan ng mga mapanuring mata ang isang panlabas na anyo ng kanilang trabaho. Bigyan sila ng paggalang at respeto na dapat lamang sa bawat isa at pagmamahal sa kapwa hindi lamang para sa sarili.

4. Para sa pamahalaan, bigyan sana sila ng pagkakataong maiangat ang kanilang sarili sa mundong ginagalawan.

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines